# PROPOSISYON 41 BATAS SA BONO NG 2014 PARA SA PABAHAY SA MGA BETERANO AT PAGPIGIL SA KAWALAN NG BAHAY.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

## BATAS SA BONO NG 2014 PARA SA PABAHAY SA MGA BETERANO AT PAGPIGIL SA KAWALAN NG BAHAY.

- Nagpapahintulot ng $600 milyon na mga pangkalahatang obligasyong bono para sa abot-kayang pangmaraming-pamilya na sumusuportang pabahay upang mabawasan ang kawalan ng bahay, para sa abot-kayang pansamantalang pabahay, abot-kayang inuupahang pabahay, o mga kaugnay na pasilidad para sa mga beterano at kanilang mga pamilya.
- Nagkakaloob ng pagpopondo para sa mga programa upang tugunan ang walang-bahay na mga beterano at ang mga nanganganib na mawalan ng bahay at taunang mga pagtaya ng pagiging mabisa ng mga programang pabahay na pinopondohan ng mga bono.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono.

### Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Epekto sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Tumaas na mga halaga ng pagbabayad ng bono ng estado na pangkaraniwang humigit-kumulang na $50 milyon taun-taon sa 15 taon.

| Mga Tantiya ng Halaga ng Bono ng Estado | |
|---|---|
| Ipinahintulot na paghiram | $600 milyon |
| Pangkaraniwang taunang halaga upang bayaran ang lahat ng bono | $50 milyon |
| Malamang na panahon ng pagbabayad | 15 na taon |
| Pinagkunan ng pagbabayad | Mga kita sa pangkalahatang buwis |

### MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA AB 639 (PROPOSISYON 41)
### (Kabanata 727, Mga Batas ng 2013)

| | | |
|---|---|---|
| Senado: | Mga Oo 36 | Mga Hindi 0 |
| Asembleya: | Mga Oo 78 | Mga Hindi 0 |

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### BATAYAN

***Mga Programa sa Pabahay ng Estado.*** Sa karamihan ng mga taon, humigit-kumulang na 150,000 bahay at apartment ang itinatayo sa California. Karamihan ng mga yunit na ito ng pabahay ay buong itinatayo sa pamamagitan ng mga pribadong dolyar. Ang ilan, gayunman, ay tumatanggap ng pinansiyal na tulong mula sa mga pederal, pang-estado, o lokal na pamahalaan. Halimbawa, ang estado ay nagkakaloob ng mga murang pautang sa mga lokal na pamahalaan, di-nagtutubo, at pribadong tagapagtayo upang pondohan ang isang bahagi ng mga gastos sa konstruksiyon ng mga yunit na pabahay. Pangkaraniwan, ang pabahay na itinatayo sa pamamagitan ng mga pondong ito ay dapat ibenta o iparenta sa mga Taga-California na maliliit ang kita.

Ang isang bahagi ng mga yunit ng pabahay na itinatayo sa pamamagitan ng mga pondo ng estado ay inilalaan para sa walang-bahay na mga Taga-California. Kabilang dito ang mga tirahan ng walang-bahay, panandaliang pabahay, at sumusuportang pabahay. Ang sumusuportang pabahay ang nagsasama sa pabahay ng partikular na mga serbisyo, kabilang ang pangangalaga ng kalusugan ng isip at katawan, mga programa sa pag-abuso ng gamot at alkohol, at pagsasanay para sa trabaho. Ang pagtatanong ng Enero 2013 ng pederal na pamahalaan ay tumukoy sa 137,000 walang-bahay na Taga-California, kabilang ang humigit-kumulang na 15,000 beterano. Ang mga beterano sa California ay higit sa dobleng malamang na mawalan ng bahay kaysa mga di-beterano.

***Programang Pautang sa Bahay.*** Ang pang-estado at pederal na pamahalaan ay nagkakaloob ng tulong sa pautang sa bahay sa ilan sa 1.9 milyon na mga beteranong naninirahan sa California. Sa ilalim ng programa ng *estado*, ang estado ay nagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan at ginagamit ang mga pondo upang bumili ng bahay para sa mga karapat-dapat na beterano. Ang bawat kalahok na beterano ay gagawa naman ng buwanang mga pagbabayad sa estado, na nagbibigay ng kakayahan sa estado na mabayaran ang mga mamumuhunan. Ang mga pagbabayad na ito ay laging sumasaklaw sa halagang dapat bayaran sa mga bono, ibig sabihin ang programa ay tumatakbo nang walang tuwirang

gastos ang mga tagabayad ng buwis. Mula noong 2000, ang bilang ng mga beteranong tumatanggap ng bagong mga pautang sa bahay sa ilalim ng programang ito bawat taon ay nagkaroon ng malaking pagbaba. Maraming bagay ang tumulong sa pagbabang ito, kabilang ang: (1) mababang antas ayon sa kasaysayan na interes sa pautang sa bahay, (2) ang kahandaan ng pederal na tulong sa pautang sa bahay, at (3) ang bagong krisis sa bahay. Noong ilagay ng Lehislatura ang panukalang ito sa balota, ito ay nagbawas din ng $600 milyon sa halaga ng mga bono na magagamit para sa programang pautang sa bahay ng mga beterano. Bilang resulta, humigit-kumulang na $500 milyon na mga bono ng estado ang namamalaging makukuha para sa mga pautang sa bahay ng mga beterano.

## MUNGKAHI

***Bagong mga Pangkalahatang Obligasyong Bono para sa Pabahay ng mga Beterano.*** Ang panukalang ito ay nagpapahintulot sa estado na magbenta ng $600 milyon na mga pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang abot-kayang pangmaraming-pamilya na pabahay para sa mga beteranong maliit ang kita. Ang mga pangkalahatang obligasyong bono na ipinahihintulot ng bonong ito ay babayaran gamit ang mga kita sa buwis ng estado, ibig sabihin ang mga tagabayad ng buwis ay magbabayad para sa bagong programa. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggamit ng estado ng mga bono, tingnan ang "Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado" sa dakong huli ng patnubay na ito.)

***Pabahay para sa mga Beteranong Maliit ang Kita.*** Ang panukalang ito ay nagpopondo sa konstruksiyon, pagbabago ng yari, at pagtatamo ng abot-kayang pangmaraming-pamilya na pabahay, tulad ng mga grupo ng apartment. Gagawin ito ng estado sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga lokal na pamahalaan, mga di-nagtutubong organisayon, at mga pribadong tagapagtayo ng pinansiyal na tulong, tulad ng mga pautang na mababa ang interes, upang pondohan ang bahagi ng mga gastos sa proyekto. Ang pabahay na itinatayo sa pamamagitan ng mga pondong ito ay ipaparenta sa mga beteranong maliit ang kita (at sa kanilang mga pamilya)—iyon ay, ang mga kumikita ng mas maliit kaysa 80 porsiyento ng kita ng pangkaraniwang pamilya, gaya ng iniakma batay sa laki ng pamilya at county. Halimbawa, ang pangkaraniwang halaga sa buong estado para ituring ang nag-iisang tao na maliit ang kita para sa programang ito ay humigit-kumulang na $38,000. Ang batas ng estado ay nag-aatas na ang mga yunit na ito ay maging abot-kaya, ibig sabihin ang mga pagbabayad ng renta na ginagawa ng mga beterano ay hindi makakahigit sa 30 porsiyento ng limitasyon sa kita para sa programa.

***Pabahay para sa Walang-bahay na mga Beterano.*** Ang batas ng estado ay nagbibigay ng priyoridad sa pagpopondo sa programang ito sa mga proyektong titirahan ng walang-bahay na mga beterano at mga beteranong nanganganib na mawalan ng bahay. Sa partikular, hindi kukulangin sa kalahati ng mga pondo ay gagamitin upang magtayo ng pabahay para sa mga beteranong labis na maliit ang kita. Ang mga beteranong ito ay kumikita ng mas maliit kaysa 30 porsiyento ng halagang kinikita ng pangkaraniwang pamilya sa county kung saan sila naninirahan. (Ang pangkaraniwang halaga sa buong estado para ituring ang nag-iisang tao na maliit ang kita para sa programang ito ay humigit-kumulang na $14,000.) Ang isang bahagi ng pagpopondo para sa mga beteranong labis na maliit ang kita ay gagamitin upang pondohan ang sumusuportang pabahay para sa walang-bahay na mga beterano.

***Ibang mga Tadhana.*** Sa ilalim ng panukalang ito, ang Lehislatura ay makakagawa ng mga pagbabago sa hinaharap upang pabutihin ang programa at ang estado ay makakagamit ng hanggang $30 milyon ng mga pondo ng bono upang masaklaw ang mga gastos sa pangangasiwa ng programa. Bilang karagdagan, ang estado ay aatasan na maglathala ng taunang pagtaya ng programa.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Mga Gastos sa Bono.*** Ang panukalang ito ay magpapahintulot sa estado na humiram ng hanggang $600 milyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan, na babayaran gamit ang mga kita sa pangkalahatang buwis. Ang gastos sa mga bonong ito ay depende sa mga antas ng interes ng mga ito at sa panahon na ang mga ito ay binabayaran. Sa palagay namin (1) ang antas ng interes para sa mga bonong ito ay magiging 5 porsiyento sa kalahatan, (2) ang mga ito ay ibebenta sa loob ng limang taon, at (3) ang mga ito ay babayaran sa loob ng sampung taon. Batay sa mga palagay na ito, ang gastos ng mga tagabayad ng buwis upang mabayaran ang mga bono ay **pangkaraniwang humigit-kumulang na $50 milyon taun-taon para sa 15 taon.** Ang halagang ito ay mas mababa kaysa isang-ikasampu ng 1 porsiyento ng badyet ng estado.

**Bisitahin ang *http://cal-access.sos.ca.gov* para sa mga detalye tungkol sa mga pinansiyal na kontribusyon para sa proposisyong ito.**

*Para sa teksto ng Proposisyon 41, tingnan ang pahina 40.*